| | |
|---|---|
| **LESSON PLAN**<br>***Banghay-aralin*** | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain<br>*Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral* |
| **Week 21 Topic**<br>***Paksa ng Linggo*** | Socialized Housing<br>*Abot-kayang Pabahay* |
| **Main Question**<br>***Susi na Tanong*** | How important is a house to you?<br>*Gaano kahalaga ng bahay para sa iyo?* |
| **Key Learnings**<br>***Dapat Magagap*** | 1. What does the word "home" mean to you?<br>*Ano ang kahulugan ng "tahanan" para sa iyo?*<br>2. Is it crucial that people have houses to come home to?<br>*Importante bang ang bawat tao ay may bahay na mauwian?*<br>3. How do you feel, and what are your thoughts, about the first stanza of this week's editorial song "Bahay"?<br>*Ano ang iyong nararamdaman at naiisip tungkol sa unang saknong ng temang kanta para sa linggong ito na "Bahay"?* |

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS



I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
*Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan*

***Bahay***

GARY GRANADA

Awitalakayan
DOWNLOAD
TOPIC SONG

societrix.com/exemplars/21

*Isang araw ako'y nadalaw sa bahay tambakan*
*Labing-limang mag-anak ang doo'y nagsiksikan*
*Nagtitiis sa munting barung-barong na sira-sira*
*Habang doon sa isang mansion halos walang nakatira*

*Sa init ng tabla't karton sila doo'y nakakulong*
*Sa lilim ng yerong kalawang at mga sirang gulong*
*Pinagtagpi-tagping basurang pinatungan ng bato*
*Hindi ko maintindihan bakit ang tawag sa ganito ay bahay*

*Sinulat ko ang nakita ng aking mga mata*
*Ang kanilang kalagayan ginawan ko ng kanta*
*Iginuhit at isinalarawan ang naramdaman*
*At sinangguni ko sa mga taong marami ang alam*

*Isang bantog na senador ang unang nilapitan ko*
*At dalubhasang propesor ng malaking kolehiyo*
*Ang pinagpala sa mundo, ang dyaryo at ang pulpito*
*Lahat sila'y nagkasundo na ang tawag sa ganito ay bahay*

*Maghapo't magdamag silang kakayod, kakahig*
*Pagdaka'y tutukang nakaupo lang sa sahig*
*Sa papag na gutay-gutay pipiliting hihimlay*
*Di hamak na mainam pa ang pahingahan ng mga patay*

*Baka naman isang araw kayo doon ay maligaw*
*Mahipo n'yo at marinig at maamoy at matanaw*
*Hindi ako nangungutya, kayo na rin ang magpasya*
*Sa palagay ninyo kaya ito sa mata ng Maylikha ay bahay*

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

## II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

*Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman*

Socialized Housing

societrix.com/docky/housing

| COGNITIVE CLASS EXERCISES |
| --- |
| |



## III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

*Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral*

DOCKY
Docks of Disparities

**SOCIALIZED**
**Housing**



Virtual Docky

societrix.com/virtual.docky

| PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES |
| --- |
| |

## IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
***Aktibong Paghahabi*** | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Ang negosyong magaling
Magbenta ng patay
Ngayo'y napakadaling
Humagilap ng bangkay

*Bring the gun and send the bill*
*Good as any day to die*
*They who deal with stuff that kill*
*Never run out of supply*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES



## V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
*Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral*

**KEY ASSESSMENT INDICATORS**

| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| **AFFECTIVE** : Feelings over the Subject<br>*Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan* | Numb<br>*Namanhid* | Disdainful<br>*Nangutya* | Affected<br>*Nabagbag* | Hopeful<br>*Nag-alab* | Shaken<br>*Nayanig* |
| **COGNITIVE** : Thoughtful Consideration<br>*Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay* | Falsehood<br>*Bulaan* | Irrational<br>*Baligho* | Mindful<br>*Mapagtanto* | Thorough<br>*Mabusisi* | Analytic<br>*Mapanuri* |
| **PHYSICAL** : Participation in Activities<br>*Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad* | Unwilling<br>*Umiiwas* | Hesitant<br>*Atubili* | Cooperative<br>*Sumasali* | Involved<br>*Ganado* | Animated<br>*Bibo* |
| **APPLIED** : Creative Content Advocacy<br>*Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase* | Negligent<br>*Pabaya* | Wanting<br>*Kulang* | Compliant<br>*Bastante* | Consistent<br>*Palagi* | Persistent<br>*Pursigido* |
| **PROCESS** : Generating Joy in Learning<br>*Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto* | Annoyed<br>*Nayayamot* | Bored<br>*Nababagot* | Content<br>*Kampante* | Eager<br>*Natutuwa* | Excited<br>*Nagagalak* |

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD